

PINAKAMAHUSAY NG SDOT NG 2023

Ito ang aming Mga Nangungunang Highlight

Hello Seattle! Ako si Greg Spotts, Direktor ng Kagawaran ng Transportasyon ng Seattle. Noong 2023, nakarinig ako mula sa daan-daang tao sa mahigit sa 100 kaganapan ng pakikinig sa mga kumunidad. Narito ang aming SDOT year-in-review highlights!

Noong Enero, nagbigay kami ng mga libreng transit pass sa mga residente ng pampublikong pabahay ng Seattle. Noong Pebrero naglathala kami ng buong pagsusuri ng aming mga programa sa kaligtasan.

Sa panahon ng pagtatayo noong tag-init, natapos namin ang mga proyektong malaki at maliit. Ang mga proyektong ito ay ginagawang mas ligtas at mas komportable ang paglalakad, pagbibisikleta, at paggamit ng sasakyan. Noong Agosto, naglathala kami ng draft ng Seattle Transportation Plan. Makakatulong ito na gabayan ang aming mga pamumuhunan sa susunod na 20 taon. Noong Oktubre, sinimulan namin ang proyekto sa kaligtasan ng MLK. Ito ang una sa apat na pangunahing proyekto ng pambisikletang daanan sa South Seattle.

Upang mapabuti ang paglalakbay sa bus, binuksan namin ang RapidRide H Line sa West Seattle. Pinahusay din namin ang Ruta 44 patungo sa Unibersidad ng Washington. Sa 2024, kukumpletuhin namin ang proyekto ng RapidRide G Line at sisimulan ang pagtatayo sa RapidRide J Line. Pagbutuhin din namin ang East Marginal Way upang mapanatiling gumagalaw ang kargamento at matapos nang maayos ang Levy to Move Seattle.

Hindi na ako makapaghintay na magsimula sa trabaho sa 2024, sa pakikipagtulungan sa inyo, ang aming komunidad sa Seattle.

Salamat at Manigong Bagong Taon!



Greg Spotts
*Direktor, Seattle Department
of Transportation*

Narito kung paano manatiling konektado at makisali!

Bisitahin ang: www.seattle.gov/transportation
Tumawag sa: (206) 684-ROAD (7623)
Mag-email sa: 684-ROAD@seattle.gov
Basahin ang: sdotblog.seattle.gov/
Sundan ang: www.seattle.gov/transportation/about-us/contact-us



Seattle
Department of
Transportation



Gumawa kami ng aksyon upang isulong ang kaligtasan

98

Pinagana namin ang **98** na bagong mga unang signal ng pedestrian!

Inilipat namin ang aming mga proyektong kapital



25

Kami ay nagdisenyo ng **25** mga proyekto.

Sinimulan namin ang pagtatayo ng mga proyekto.

13

Nakumpleto namin **13** mga proyekto.

Nakamit namin ang mga resulta sa mga proyekto ng Levy to Move Seattle

11

Nagsemento kami ng **11** lane-milya ng mga lansangan.

Ibinalik namin **26** mga bloke ng bangketa.

26

Nakumpleto namin **26** mga proyekto upang gawin itong mas ligtas para sa mga batang maglakad, gumulong, at magbisikleta papunta sa paaralan.



*Ang mga istatistikang ito ay hanggang Setyembre 2023.

Tinugunan namin ang mga kahilingan sa serbisyo sa customer nang may kahusayan

Aming inasikaso ang

19,200+ na mga

katanungan at alalahanin sa pamamagitan ng aming linya ng telepono sa publiko.

Kami ay nakipag ugnayan sa komunidad sa Seattle Transportation Plan

Kami ay nagdaos ng

4,500+

na masiglang pakikipag-usap sa publiko.



Kami ay nakatanggap ng

8,000+

na ideya para sa isang umuunlad na Seattle!

Nakakuha kami ng mas maraming pondo

Kami ay nakakuha ng mga gawad na pederal at


estado sa kabuuang **\$65** milyon.





Kami ay nagsulong ng mga proyektong pangkaligtasan at pagbibisikleta sa Timog Seattle

Ang aming pangkat ay gumawa ng pag-unlad sa mga mahahalagang proyekto. Kabilang dito ang Beacon Hill, East & West Marginal ways, Georgetown patungo sa South Park, Georgetown patungo sa Downtown, at MLK Jr Way S.



Muli naming inisip ang kaligtasan sa Aurora Avenue North

Ang aming koponan ay nakipag-usap sa komunidad upang isipin ang mas mabuting kaligtasan sa Aurora Ave N. Nag-upgrade din kami ng mga bloke ng bangketa at napangalagaan ang mga puno sa kalye.



Napanatili namin ang aming mga tulay

Ang aming pangkat ay nagpanatili ng mga tulay sa buong lungsod. Kabilang dito ang isang emergency response upang ayusin ang Spokane St Swing Bridge (mababang tulay) sa unang bahagi ng 2023, pagkatapos ng pinsala sa panahon ng isang bagyo ng yelo.



Gumawa kami ng aksyon upang isulong ang kaligtasan

Nakumpleto ng aming pangkat ang isang buong pagsusuri sa aming mga programa sa kaligtasan. Kami ay nagsagawa ng mga pagkilos kabilang ang higit sa 70 bagong No Turn on Red sign sa buong lungsod.



Kami ay sumubok ng mga bagong de-kuryenteng sasakyan.

Inilunsad ng aming pangkat ang mga panimulang programa upang masimulan na mabigyang elektrisidad ang SDOT fleet ng mga sasakyan, kagamitan, bike lane sweepers, at marami pa.



Binago namin ang karanasan sa transit

Binuksan ng aming pangkat ang serbisyo ng RapidRide H Line. Tinapos namin ang disenyo sa mga proyekto ng RapidRide J Line at Route 40. Naabot namin ang 75% na kumpleto sa konstruksyon ng Madison RapidRide G Line.

Inaasahan ang 2024

Aming sinisimulan ang isang bagong taon na puno ng pag-unlad at layunin! Sa aming pagpasok sa huling taon ng Levy to Move Seattle na aprubado ng botante, ang aming pokus ay malakas! Kami ay maghahatid ng patas, nakakaapektong mga proyekto sa buong lungsod.

Aming paninimulan ang proyekto ng RapidRide J Line, na magbibigay ng mas mahusay na mga pagpipilian sa transit para sa mas maraming residente. Kami ay nagsisimula na sa konstruksiyon ng mga pagpapabuti sa kaligtasan at paggawa ng pagsesemento sa Ballard. Amin ding pinapahaba ang bus lanes sa Rainier Ave S sa southeast Seattle. Amin ding kokompletuhin ang proyekto ng Madison RapidRide G Line sa gitnang Seattle!

Ang kaligtasan ay nasa tuktok ng aming mga prayoridad.

Nag i-install kami ng higit pang mga signal na pedestrian-first at No Turn on Red sign. Pinapalakas din namin ang aming mga ruta ng bike lane. Ito ay magpapahusay ng kaligtasan para sa lahat! Ang aming tema sa 2024 ay: "Maghatid ng Mas Ligtas na Mga Kalye."

Ang pagtugon sa krisis sa klima ay isang pangunahing layunin. Kami ay nagsusumikap upang makakuha ng mas maraming mga de-kuryenteng sasakyan upang mabawasan ang mga emisyon at matugunan ang aming mga layunin sa klima. Kami ay makikipagsosyo sa mga negosyo, mga non-profit, at iba pang mga pampublikong ahensya.

Hindi namin ito magagawa nang mag-isa. Aming inaasahan na makita kayong makilahok habang ginagawa naming katotohanan ang mga pangitaing ito. Kasama ninyo, ang komunidad ng One Seattle, maaari naming baguhin ang sistema ng transportasyon ng lungsod.

Ilalathala namin ang buong Plano sa Transportasyon ng Seattle



Magtatapos kami ng malakas sa Levy to Move Seattle na inaprubahan ng botante



Palalawakin namin ang transit sa buong lungsod

